# Mga Darating na Ilalabas Tungkol sa Populasyon ng U.S.

Ang Kawanihan ng Senso ng U.S. ay nagpaplanong ilabas ang apat na malalaking pangkat ng estadistika tungkol sa populasyon ng U.S. sa katapusan ng taon. Ipinapakita sa talahanayan sa ibaba kung ano ang hahanapin at kung paano ito naiiba. Sa 2021, ilalabas ng Kawanihan ng Senso ang mga bilang ng lokal na populasyon mula sa 2020 Senso na ginagamit para sa muling pag-distrito.

| Produkto | 2015–2019 Pagsisiyasat ng Komunidad ng Amerikano (American Community Survey, ACS), 5-taong pagtatantiya | 2020 Pagsusuring Pandemograpiya | Vintage 2020 Mga Pagtatantiya sa Populasyon | 2020 Senso Mga Pagbilang para sa Pagbabahagi |
|---|---|---|---|---|
| **Panahon ng Paglabas** | Disyembre 10, 2020 (mayroong embargo para sa media). | Disyembre 15, 2020 (walang embargo para sa media). | Disyembre 22, 2020 (walang embargo para sa media). | Malapit sa Disyembre 31, 2020 na itinakdang huling araw ayon sa batas hangga't maaari (walang embargo para sa media). |
| **Mula ba ito sa 2020 Senso?** | Hindi. Ngunit, idinisenyo ang Pagsisiyasat ng Komunidad ng Amerikano (American Community Survey) bilang karagdagan sa minsan sa isang isang dekadang senso. | Hindi. Ang Pagsusuring Pandemograpiya ay nililikha nang malaya sa senso. | Hindi ang mga tantiya sa vintage 2020 ay nakabatay sa 2010 Senso. | Oo. Narito ang mga unang resulta mula sa 2020 Senso. |
| **Layunin** | Magkaloob ng taunan, detalyadong paglalarawan ng bansa at ang natatanging pinagmumulan ng mga lokal na estadistika para sa karamihan sa mahigit 40 saklaw na paksa; bigyang-kaalaman ang mga pagpapasya sa daan-daang bilyong dolyar na pagpopondo para sa mga serbisyo at imprastruktura. | Magkaloob ng paraan ng pagsusuri sa kalidad ng 2020 Senso sa pamamagitan ng paghahandog ng mataas, panggitna, at mababang pangkat ng mga tantiya ng populasyon ng U.S. para ihambing sa mga resulta ng senso. | Magkaloob ng taunang tantiya ng kasalukuyang populasyon sa pamamagitan ng pagkalkula ng pagabago sa populasyon (mga kapanganakan, mga kamatayan, at migrasyon) simula pa noong nakaraang senso. | Pagpasyahan ang bilang ng mga puwestong mayroon sa bawat estado (state) sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng U.S., alinsunod sa Konstitusyon ng U.S. at Titulo 13.[1] |
| **Kinakatawanang itinakdang oras** | Data na nalikom mula 2015 hanggang 2019. | Abril 1, 2020. | Abril 1, 2010, at Hulyo 1, 2010, hanggang 2020. | Abril 1, 2020. |

[1] Ang mga karagdagang resulta ng 2020 Senso na ilalabas sa 2021 ay gagamitin din upang muling iguhit ang mga pambatasang distrito, magbigay ng kaalaman para sa daan-daang bilyong dolyar sa pederal na pagpopondo, at magkaloob ng data na nakakaapekto sa mga komunidad para sa susunod na dekada.

United States® Census Bureau

U.S. Department of Commerce
U.S. CENSUS BUREAU
*census.gov*

| Produkto | 2015–2019 Pagsisiyasat ng Komunidad ng Amerikano (American Community Survey, ACS), 5-taong pagtatantiya | 2020 Pagsusuring Pandemograpiya | Vintage 2020 Mga Pagtatantiya sa Populasyon | 2020 Senso Mga Pagbilang para sa Pagbabahagi |
|---|---|---|---|---|
| **Makukuhang data** | Impormasyon sa mahigit 40 paksa kabilang ang edukasyon, kita, saklaw na seguro sa kalusugan, pag-commute, trabaho, at wikang sinasalita sa tirahan. | Mga tantiya para sa tatlong grupo ng populasyon ayon sa edad at kasarian.<br>• Itim lamang/ hindi Itim lamang (mga edad na 0–85+ taong gulang).<br>• Itim lamang o kumbinasyon ng isa o higit pang lahi/hindi Itim lamang o kumbinasyon ng isa o higit pang lahi (mga edad na 0–85+ taong gulang).<br>• Hispaniko/hindi Hispaniko mga edad na (0–29 taong gulang). | Kabuuang populasyon at populasyon ng edad na nakakaboto (18+ taong gulang); ilalabas ang karagdagang detalye sa 2021. | Kabuuang populasyon ng residente at mga bilang ng nasa ibang bansa.[2, 3] |
| **Mga makukuhang antas na pangreograpiya** | Bansa, mga estado (state), mga county, mga lugar, mga tract, at marami pa.[4] | Bansa.[5] | Bansa, mga estado(state) at ang District of Columbia; mga karagdagang heograpiya na ilalabas sa 2021. | Bansa, lahat ng 50 estado(state), District of Columbia, a Puerto Rico.[6] |
| **Saan magmumula ang data** | Sampol na survey na kinokolekta kada buwan. | Pagsusuri ng mga rekord ng kapanganakan at kamatayan, data sa internasyonal na migrasyon at mga rekord ng Medicare. | Mga naunang senso, na ini-update kasama ang data sa mga kapanganakan, kamatayan, at migrasyon. | 2020 Senso. |

[2] Kabilang dito ang militar ng U.S. at mga pederal na empleyadong sibilyan na naninirahan sa ibang bansa (ang mga dumedepende sa kanila na kasama nila sa ibang bansa) na itinalaga sa kanilang tinitirhang estado(state) o sa District of Columbia, gaya ng iniuulat ng mga nagpapatrabahong ahensiyang pederal.

[3] Magkakaloob man ang Kawanihan ng Senso ng hindi pa napagpapasyahang bilang ng mga hindi awtorisadong migrante alinsunod sa memorandum ng pangulo ay kasalukuyang nililitis pa.

[4] Higit pang impormasyon tungkol sa mga antas na pangheograpiya ang kasama sa paglabas ng 5-taong ACS ay makukuha sa <www.census.gov/programs-surveys/acs/geography-acs/areas-published.html>.

[5] Pinaplano ng Kawanihan ng Senso na maglabas ng eksperimental na mga tantiya ng Pagsusuring Pandemograpiya sa populasyon ng nasa edad na 0 hanggang 4 na taong gulang sa mga antas ng estado (state) at county sa 2022. Isasama sa mga tantiyang ito ang mga kasalukuyang rekord ng kapanganakan, na hindi pa makukuha mula sa mga lokal na hurisdiksyon.

[6] Hindi isasama ang Puerto Rico sa mga pagbilang sa mga taga-ibang bansa. Dapat tandaan na ang mga bilang ng populasyon para sa District of Columbia at Puerto Rico ay hindi ginagamit para sa o isinasama sa pagbabahagi. Ang mga resulta ng 2020 Senso ay makukuha nang mababa sa antas na pang-estado(state) sa 2021.